AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 54**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 54**

Theme: Mga Kwento Mula Sa Ating Pagkabata, Tila Na Iba? - "Si Pagong At Si Kuneho: Ang Muling Pagtatagpo"

Content Creator: April Grace M. Garcia

**SI PAGONG AT SI KUNEHO: ANG MULING PAGTATAGPO**

**WRITING PROMPT LESSON 54**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, ating babalikan ang isa na namang kwentong pambatang malamang ay nabasa o narinig mo na. Naaalala mo ba ang kwento ng pagong at ang kuneho? Sa kwentong ito, pinakita sa huli na nanalo si Pagong dahil sa pagpupursigi nitong matapos ang karera. Ngunit, paano kung natalo pa rin si Pagong kahit na siya'y nagpursige?

**II.Writing Prompt of the Day**

Ikaw si Ping Pagong. Ikaw ay anak ni Gong Pagong na kumalaban kay Khun Kuneho, matagal na panahon na. Bawat taon naging tradisyon na ng angkang pagong at kuneho ang maglaban ng karera matapos ang unang paglalaban ng iyong amang si Gong Pagong at ni Khun Kuneho. Sa taong ito, makakalaban mo ang anak ni Khun Kuneho na si Kim Kuneho. Bukod dito, dala ng teknolohiya, maaari nang gumamit ang

mga kalahok ng gadget upang mas maging exciting o kapana-panabik ang karera. Ikwento ang karerang magaganap gamit ang mga tanong.

•Ano ang itsura ng inyong paglalabanang kalye o track? (Ito ba'y patag, mabudok, mabuhangin o mabato?
•Sino-sino ang manunuod ng iyong laban?
•Ano ang gadget na iyong gagamitin para matalo si Kim Kuneho? (Gamitin ang iyong imagination para dito!)
•Paano mo matatalo si Kim Kuneho?
•Ikaw ba ang nanalo sa inyong pagtatagpo?

**III.Teacher's Message**
Ano kayang magaganap sa muling pakikipaglaban ng mga angkan ng pagong sa kuneho? Ating alamin sa pamamagitan ng inyong kwento! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."